**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# The use of the Filipino language in learning: Benefits and challenges

**Maria Mitchelle Garcia***
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: mariamitchellegarcia98@gmail.com

**Charis R. Llagono**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: llagonocharis@gmail.com

**Mary Grace R. Plesing**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: mgplesing@gmail.com

**Himeji-Ken V. Dela Peña**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: kendelapea@gmail.com

ABSTRACT

This study aims to examine the use of the Filipino language in the learning process of students at Cebu Technological University – Consolacion Campus. It identifies the experiences, perspectives, benefits, and challenges encountered by learners when using their native language as a medium of instruction. A qualitative research design, specifically thematic analysis, was employed to understand the insights and experiences of the respondents gathered through interviews. The respondents consisted of sixty (60) second-year students enrolled in the Bachelor of Secondary Education major in Filipino program. Findings, based on the Thematic Analysis, revealed that the use of Filipino supports clearer comprehension, more active participation, and the development of students' self-confidence in the classroom. Students expressed greater ease in sharing their ideas,

*Corresponding author
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404598

Recommended citation:
Garcia, M. M., Llagono, C. R., Plesing, M. G. R., Dela Peña, H.-K. V. (2025). The use of the Filipino language in learning: Benefits and challenges. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 4 (4), 6488-6598. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404598

and understanding becomes more accessible due to the language's familiarity in their daily lives. The use of Filipino also fosters a more comfortable learning environment and strengthens national identity. However, several challenges remain, such as limited vocabulary, confusion with deep or unfamiliar words, and insufficient instructional materials. Overall, the study demonstrates that the Filipino language is not merely a tool for communication but an effective medium for meaningful learning that significantly enriches students' educational experiences. It is recommended that institutions further strengthen programs promoting the use of Filipino in academic contexts, such as activities geared toward vocabulary enrichment, reading, and writing, to enhance students' proficiency, comprehension, and appreciation of the national language as an essential component of education.

Keywords: Filipino language, learning, experiences, benefits, challenges, qualitative research, thematic analysis

Date Submitted: October 26, 2025
Date Accepted: November 10, 2025
Date Published: November 26, 2025

**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Paggamit ng wikang Filipino sa pagkatuto: Mga benepisyo at hamon

**Maria Mitchelle Garcia**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: mariamitchellegarcia98@gmail.com

**Charis R. Llagono**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: llagonocharis@gmail.com

**Mary Grace R. Plesing**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: mgplesing@gmail.com

**Himeji-Ken V. Dela Peña**
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: kendelapea@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang paggamit ng Wikang Filipino sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Cebu Technological University – Consolacion Campus. Tinutukoy nito ang mga karanasan, pananaw, benepisyo, at mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng sariling wika bilang midyum ng pagtuturo. Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo, partikular na ang thematic analysis, upang maunawaan ang mga saloobin at karanasan ng mga respondente sa pamamagitan ng panayam. Ang mga respondente ay binubuo ng animnapung (60) mag-aaral sa ikalawang taon na kumukuha ng kursong Bachelor of Secondary Education Major in Filipino. Ipinakita ng mga resulta, batay sa Thematic Analysis, na ang paggamit ng Wikang Filipino ay nakatutulong sa mas malinaw na pag-unawa , mas aktibong partisipasyon , at paglinang ng kumpiyansa sa sarili ng mga mag-aaral sa klase. Mas komportable ang mga mag-aaral sa pagpapahayag ng ideya at nagiging mas madali ang pag-unawa dahil malapit ang wika sa kanilang pang-araw-araw na karanasan. Nakalilikha rin ito ng komportableng kapaligiran sa pagkatuto at nagpapatibay sa pambansang identidad. Gayunpaman, may ilang hamon parin gaya ng limitadong bokabularyo, pagkalito sa malalalim na salita , at kakulangan ng mga kagamitang panturo sa pag-aaral. Sa pangkalahatan, ipinapakita ng pag-aaral na ang paggamit ng Wikang Filipino ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kundi isang epektibong daluyan ng makabuluhang pagkatuto na tunay na nakapagpapalawak sa karanasan ng mga mag-aaral. Inirerekomenda na

palakasin pa ng mga institusyon ang mga programang nagtataguyod ng paggamit ng Filipino sa akademikong larangan, tulad ng pagdaragdag ng mga gawaing pampalawak ng bokabularyo, pagbasa, at pagsulat, upang higit na mapaunlad ang kasanayan, pag-unawa, at pagmamahal ng mga mag-aaral sa sariling wika bilang mahalagang bahagi ng edukasyon.

Mga susing salita: wikang Filipino, pagkatuto, karanasan, benepisyo, hamon, kwalitatibong pananaliksik, thematic analysis

## PANIMULA

Ang paggamit ng Wikang Filipino sa pagkatuto ay mahalaga sapagkat mas madaling nauunawaan ito ng mga mag-aaral. Sa tulong nito, nagiging malinaw at makabuluhan ang mga aralin. Nagkakaroon din ng mas magandang koneksyon ang guro at estudyante. Nahuhubog ang kamalayang makabansa at pagkakakilanlan bilang Pilipino. Kaya nararapat lamang na patuloy itong gamitin at pagyamanin sa edukasyon.

Ayon kay Gloria (2021), ang paggamit ng Filipino sa pagkatuto ay nangangailangan ng malalim na pag-unawa sa wika ng mga mag-aaral. Mas madali nilang nauunawaan ang mga aralin kapag Filipino ang ginagamit sa klase. Nakikita rin ang mas aktibong pakikilahok at pagbabahagi ng ideya. Bagaman may hamon tulad ng kakulangan sa materyales at kahandaan ng guro, may malaking benepisyo ang paggamit ng Filipino. Nakaugat ito sa karanasan at kultura ng mga mag-aaral.

Ang pamilyaridad sa wika ay nagtataguyod ng tiwala sa sarili at mas aktibong partisipasyon. Ipinahayag nina Dicang at Molina (2023) na positibong nakaaapekto ang pananaw sa paggamit ng Filipino sa tagumpay ng pagkatuto. Kapag positibo ang pananaw ng guro at estudyante, maayos ang daloy ng pagkatuto. Mas epektibo rin ang komunikasyon sa silid-aralan. Nagiging mas makabuluhan ang koneksyon sa aralin.

Batay sa obserbasyon ng mga mananaliksik, mas masaya at magaan ang talakayan kapag Filipino ang ginagamit. Mas nagiging aktibo ang mga mag-aaral dahil komportable silang magsalita. Hindi sila natatakot magkamali at nagkakaroon ng kumpiyansa. Mas malinaw ang paliwanag ng guro kaya mas naiintindihan ang klase. Ang paggamit ng Filipino ay nagdudulot ng mas malayang pagpapahayag at mas magandang relasyon sa guro.

Bukod dito, nakatutulong ito sa pagbibigay ng pantay na oportunidad sa mga mag-aaral mula sa iba't ibang rehiyon, anuman ang kanilang antas sa wikang Ingles, ang paggamit ng Filipino sa pagtuturo ay hindi lamang nakatuon sa mabisang pagkatuto kundi sa pagpapalalim din ng pagkamakabayan ng mga mag-aaral. Bilang mga mag-aaral at magiging guro ng Filipino, napansin ng mga mananaliksik ang ilang hamon sa pagkatuto ng asignaturang ito. Isa sa mga pangunahing suliranin ay ang kakulangan ng interes ng mag-aaral sa mas malalim na paggamit ng wika. Marami sa kanila ang nahihirapang magpahayag gamit ang Wikang Filipino. Batay sa pag-aaral nina Delos Santos et al. (2024), ito ay dulot ng mababang antas ng kasanayan at limitado nilang bokabularyo Dahil dito, nahihirapan silang makabuo ng makabuluhang talakayan.

Ang limitadong bokabularyo ay nagiging hadlang sa kakayahan ng mga mag-aaral na maipahayag nang malinaw ang kanilang saloobin at ideya. Upang matugunan ito, mahalagang turuan sila gamit ang mga pamamaraang simple, malinaw, at akma sa kanilang antas ng pag-unawa, at bigyan sila ng mga gawaing nakatuon sa pagsasalita at pagsusulat upang masanay silang gumamit ng Filipino sa iba't ibang konteksto. Sa tulong ng regular na pagbabasa, pakikinig, at aktibong pakikilahok sa mga talakayan, unti-unting lumalawak ang kanilang kaalaman sa wika at

nagkakaroon sila ng kumpiyansa sa sarili. Isa sa mga hadlang sa epektibong pagkatuto ng Filipino ay ang kakulangan sa paggamit ng makabagong estratehiya, na naglilimita sa pagkakataon ng mga mag-aaral na matuto sa mas makabuluhan at angkop na paraan. Kapag hindi naiaangkop ang mga metodolohiya sa pangangailangan ng mag-aaral, naapektuhan ang kalidad ng pagkatuto, kaya mahalaga ang patuloy na pag-unlad sa paggamit ng modernong pamamaraan upang mapaunlad ang kanilang kakayahan at kaalaman at mas maging inklusibo at makabuluhan ang edukasyon sa bansa.

Ang mga mananaliksik ay nagpasya na suriin ang mga pamamaraan na ginamit sa pagkatuto upang matukoy kung alin ang tunay na nakakatulong sa pag-unawa ng mga mag-aaral, Sa pamamagitan ng mga estratehiyang Pedagohikal na Pamamaraan sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Pagkatuto PPPWFP Method, isang estratehiyang nakatuon sa paggamit ng Wikang Filipino sa masining at interaktibong paraan tulad ng kolaboratibong talakayan, malikhaing pagsusulat, at kontekstuwal na pagbasa. Sa ganitong paraan, mas nagiging mabisa ang paglinang ng kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino, mahalaga ang paksang ito dahil nagbibigay ito ng pagkakataong maunawaan kung paano ginagamit ang wikang Filipino sa pagkatuto sa isang partikular na paaralan, kaya may malaking papel sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. matutukoy natin ang mga hamong kinakaharap ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng wika. Malalaman din natin kung sapat ba ang kaalaman at kahandaan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Ito rin ay magiging isang paraan upang magbigay ng mga mungkahi para sa mas epektibong paraan ng pagkatuto. Ang pag-aaral na ito ay mayroong layuning makatulong sa pagpapabuti ng edukasyon ng wikang Filipino sa paaralan. Sa ganitong paraan, nabibigyan ng pagkakataon ang mga tagapagturo at tagagawa ng polisiya na gamitin ang mga natuklasan sa pagpaplano at pagpapatupad ng mga programang pang-edukasyon na mas angkop at mas epektibo para sa mga mag-aaral sa konteksto ng wikang Filipino bilang daluyan ng karunungan.

Layunin ng pag-aaral na ito na magbigay ng mga mungkahi upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa pamamagitan ng mas epektibong paggamit ng Wikang Filipino sa pagkatuto. Mahalaga ang Filipino sa paghubog ng kaalaman, kasanayan sa komunikasyon, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Sa Cebu Technological University – Consolacion Campus, layunin ng pananaliksik na mapalawak ang kamalayan ng mga mag-aaral hinggil sa kahalagahan ng wikang Filipino bilang midyum ng makabuluhang pagkatuto. Kapag ang wikang ginagamit sa klase ay pamilyar sa mga mag-aaral, nagiging malinaw ang mga aralin at nagiging bukas ang kanilang loob na makilahok sa mga talakayan. Nagkakaroon sila ng kumpiyansa na magpahayag ng saloobin at mas nagiging malapit ang ugnayan ng guro at estudyante Nais ng pag-aaral na itaguyod ang Wikang Filipino hindi lamang bilang asignatura kundi bilang mahalagang bahagi ng identidad, kultura, at pang-akademikong pag-unlad Sa tulong ng mas malawak na paggamit ng wikang Filipino. Mula rito, mas mapapataas ang antas ng edukasyon at pagkatuto ng mga mag-aaral tungo sa isang mas makabuluhan at inklusibong kinabukasan.

Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa ikalawang taon sa Kolehiyo ng Cebu Technological University–Consolacion Campus na kumukuha ng digring Bachelor of Secondary Education Major in Filipino hinggil sa “Paggamit ng

Wikang Filipino sa Pagkatuto" sa taong panuruan 2024–2025. Tinitiyak din na matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga karanasan at pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagkatuto batay sa kanilang pakikisalamuha, pang-akademikong bahagi, at kumpiyansa sa paggamit ng Filipino sa klase?
2. Ano ang mga benepisyo ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagkatuto?
3. Ano ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagkatuto?
4. Batay sa matutuklasan, anong interbensyon ang maaaring gawin upang matugunan ang mga kakulangan?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, partikular na ang narrative analysis at thematic analysis, upang masusing maunawaan ang karanasan at pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagkatuto. Pinili ng mga mananaliksik ang mga kalahok sa pamamagitan ng purposive sampling technique upang matiyak na ang mga respondente ay may sapat na karanasan at kaalaman sa paksang sinisiyasat. Ginamit ang panayam bilang pangunahing paraan ng pagkalap ng datos, at sa tulong ng mga semi-structured na gabay na tanong ay nagkaroon ang mga mananaliksik ng pagkakataong tuklasin ang mas malalim na saloobin ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang paggamit ng wikang Filipino sa konteksto ng pagkatuto.

Kinumpos ng pag-aaral ang animnapung mag-aaral mula sa ikalawang taon ng pang-araw at panggabing klase sa Cebu Technological University–Consolacion Campus, na pawang may karanasan sa paggamit ng Wikang Filipino bilang midyum sa pagkatuto. Ang tiyak na pagpili sa kanila ay bunsod ng layuning makuha ang mga perspektibong tunay na nakaugat sa aktwal na karanasan sa loob ng klase. Ang Cebu Technological University–Consolacion Campus ang nagsilbing lokasyon ng pag-aaral sapagkat dito nakapaloob ang populasyong kinakailangang magbigay-linaw sa mga layunin ng pananaliksik.

Ginamit sa pag-aaral ang isang orihinal na binuong gabay sa panayam na naglalaman ng sampung bukas na tanong na naglalayong tukuyin ang saloobin, pananaw, at karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagkatuto. Ang mga tanong ay maingat na inihanda batay sa layunin ng pananaliksik at sumailalim muna sa pagsusuri ng guro na statistician upang matiyak ang kalinawan, kaugnayan, at pagiging angkop ng bawat item bago ito gamitin sa aktuwal na pangangalap ng datos. Nahati ang panayam sa dalawang bahagi: una, ang pagkuha ng mahahalagang impormasyon kaugnay ng pakikisalamuha, pang-akademikong karanasan, at antas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino; at ikalawa, ang pagtatanong hinggil sa mga benepisyo, hamon, at pangkalahatang pananaw nila sa paggamit ng wikang ito sa kanilang pagkatuto.

Pagkatapos makalap ang datos, isinagawa ang thematic analysis upang tukuyin at ayusin ang sagot ng mga respondente sa pamamagitan ng sistematikong pagbabasa, pag-coding, at pagbubuo ng mga tema. Sa pamamagitan ng prosesong ito, natukoy ang mga pattern ng ideya at karanasan ng mga mag-aaral na nagsilbing mahalagang batayan sa pag-unawa sa kanilang mga benepisyo at hamon sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagkatuto. Ang mga nabuong tema ay pinagsama-sama at binigyang-interpretasyon upang maipaliwanag nang malinaw ang kabuuang karanasan ng mga kalahok at matugunan ang mga suliraning inilahad sa pananaliksik.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Bilang pagpapatuloy sa kwalitatibong disenyong ginamit sa pag-aaral, sinuri ang mga karanasan at pananaw ng kabuuang animnapung (60) mag-aaral mula sa ikalawang taon ng Cebu Technological University–Consolacion Campus na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling upang matiyak na sila ay may sapat na karanasan sa paggamit ng Wikang Filipino sa pagkatuto. Sa pamamagitan ng semi-structured na panayam at thematic analysis, nabuo ang malinaw na pag-unawa sa kanilang mga saloobin, benepisyo, at hamon sa paggamit ng Filipino bilang midyum sa kanilang pagkatuto. Inilahad ng mga respondente ang kanilang mga karanasan batay sa pakikisalamuha, pang-akademikong gawain, at antas ng kumpiyansa sa pagharap sa mga aralin gamit ang sariling wika. Mula sa mga temang nam emerged, nailarawan nang mas malalim ang papel ng Filipino bilang daluyan ng komunikasyon, kasangkapan ng pag-unawa, at bahagi ng kanilang pagkakakilanlan bilang mag-aaral.

### Karanasan at pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa pagkatuto

Lumabas mula sa mga tugon ng mga kalahok na ang paggamit ng Wikang Filipino ay nagdudulot ng mataas na antas ng komportableng pagkatuto dahil ito ang wikang gamit nila sa araw-araw na pakikipag-ugnayan. Inilahad ng mga mag-aaral na kapag Filipino ang ginagamit ng guro, mas mabilis nilang nauunawaan ang aralin at mas nagiging bukas sila sa aktibong pakikilahok sa talakayan. Ilang mag-aaral ang nagpahayag na mas malinaw at mas natural para sa kanila ang pag-unawa sa mga konsepto kapag Filipino ang gamit: "Mas naiintindihan ko po ang lesson kapag Filipino ang gamit kasi mas malapit ito sa aming pang-araw-araw na wika," ayon kay S1; samantalang binigyang-diin ni S2 na "mabilis ko talaga itong maintindihan lalo na't mahilig talaga ako sa mga salitang nakasulat sa Wikang Filipino." May ilan ding nagsabing natuto silang mahalin at unti-unting mas maintindihan ang Filipino sa paglipas ng panahon, tulad ng pahayag ni S3, at may nagsabing naiintindihan nila lalo ang mga paksang may kaugnayan sa kultura at lipunan, tulad ng inilahad ni S4. Gayunman, lumitaw din na nagiging hamon ang paggamit ng Filipino kapag sobrang malalim ang mga salitang ginagamit ng guro, gaya ng sinabi ni S5.

Tugma ang mga natuklasang ito sa pag-aaral ni Combong (2025) na nagsasabing ang paggamit ng wikang pamilyar sa mga mag-aaral ay nagpapataas ng partisipasyon at nagpapalinaw sa pagtalakay ng guro. Dahil dito, nawawala ang kaba at nagiging mas aktibo ang ugnayan ng guro at mag-aaral. Kinumpirma rin ni San Juan (2022) na ang paggamit ng Filipino ay hindi lamang nagiging instrumento sa pagkatuto kundi nagsisilbing tulay sa paghubog ng pambansang identidad. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, malinaw na naramdaman ng mga kalahok ang kahalagahan ng wikang sariling atin bilang salamin ng kanilang kultura at karanasan bilang mga Pilipino. Pinatutunayan ito ng kanilang pahayag na mas "nakikilala" nila ang sarili at ang kulturang Pilipino kapag Filipino ang wikang gamit sa talakayan. Samantala, binigyang-diin ni Santos (2023) na ang Filipino ay epektibong midyum ng pagkatuto kung ginagamit sa antas ng wikang madaling maunawaan ng mga mag-aaral. Mula sa mga tugon, lumitaw na pumapabor ang mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino hangga't ito ay nasa antas na hindi masyadong teknikal o malalim. Kung

gayon, ipinakikita ng temang ito na ang Filipino ay nagiging tulay sa pag-unawa kapag nakaugnay sa karanasan, kultura, at lebel ng kakayahan ng mga mag-aaral, alinsunod sa pananaw ng konstruktibismo ni Dewey na ang pagkatuto ay hinuhubog ng aktibong karanasan.

Mga benepisyo ng paggamit ng wikang Filipino sa pagkatuto

Batay sa pagsusuri ng mga sagot, lumitaw na ang pangunahing benepisyo ng paggamit ng Filipino ay ang mabilis at malinaw na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga aralin. Tinataya ng mga kalahok na mas madali nilang mauunawaan, maipaliwanag, at maproseso ang mga konsepto kapag nakalahad sa wikang Filipino. Ilang estudyante ang nagsabi na "mas mabilis naming naiintindihan ang aralin kasi ito talaga ang alam naming salita," ayon kay S1, habang binanggit ni S2 na ang Filipino ay "nakapagbibigay ng tiwala sa sarili dahil nagbibigay ito ng pakiramdam ng pagkakakilanlan." Nagpahayag din si S3 na nakatutulong ang Filipino sa pagpapaunlad ng wikang pambansa at pagkakaintindihan sa klase, at binigyang-diin ni S4 na ito ang "tulay para sa komunikasyon." Idinagdag pa ni S5 na ito'y nakatutulong sa pagpapahayag ng saloobin at sa pagpapatibay ng sariling wika.

Ang mga natuklasang ito ay kaagapay ng pahayag ni Magno (2024) na ang pagkatuto ay nagiging mas mabilis at epektibo kapag pamilyar ang wika ng mag-aaral. Kapag pamilyar ang wika, bumababa ang komunikatibong hadlang at mas nagiging masigla ang ugnayan sa loob ng klase. Dagdag dito, sina Esclares at Limpot (2025) ay nagpahayag na ang paggamit ng Filipino ay nakapagpapataas ng kumpiyansa, nagpapalakas ng ugnayan sa komunidad, at nakatutulong sa paghubog ng pambansang identidad. Lumitaw rin sa pag-aaral na nagiging mas bukas ang mga mag-aaral sa pagsasalita at pagbabahagi ng ideya kapag Filipino ang gamit, kaya mas nagiging inklusibo at komunal ang kapaligiran sa pag-aaral. Sa ganitong paraan, hindi lamang lumalalim ang pag-unawa sa aralin kundi napauunlad din ang emosyonal at sosyal na aspeto ng pagkatuto.

Nagpapatunay ang mga natuklasan na ang Filipino ay higit pa sa daluyan ng kaalaman; ito ay kasangkapan sa paghubog ng tiwala sa sarili at pagmamahal sa bayan. Ang paggamit nito sa iba't ibang asignatura ay nagdudulot ng bukas, pantay, at makabuluhang karanasan para sa mga mag-aaral. Dahil nakaugnay ang Filipino sa kanilang wika, kultura, at pagkatao, nagiging mas tunay at makahulugan ang proseso ng pagkatuto.

Mga hamon sa paggamit ng wikang Filipino sa pagkatuto

Bagaman marami ang nakitang positibong karanasan, lumitaw din ang ilang hamon sa paggamit ng Filipino bilang wika ng pagkatuto. Karamihan sa mga mag-aaral ay nagsabing nahihirapan silang unawain ang malalalim na salita, may kakulangan sa bokabularyo, at nagkakaroon ng pag-aalinlangan sa pagsasalita ng Filipino sa pormal na talakayan. Ilan sa kanila ang nagpahayag na "nahihirapan akong magpaliwanag kapag masyadong malalim ang salitang Filipino" (S1) at "minsan nahihiya dahil hindi ako sanay" (S2). Ayon kay S3, "hindi ko maintindihan ang malalim na salita, nahihirapan pag ito ay itranslate," habang binanggit ni S4 na minsan ay nabubulol siya at nakalilimot sa nais sabihin. Pinunto ni S5 na may mga terminong teknikal sa teknolohiya ang mahirap intindihin kapag Filipino ang gamit.

Kaagapay ng mga natuklasang ito, ipinahayag nina Santillan at Daenos (2020) na maraming mag-aaral ang nahihirapan sa akademikong antas ng Filipino dahil hindi lahat ay sanay sa pormal na gamit nito. Dagdag pa nina Alvarez at Dizon (2025) na ang kakulangan sa kumpiyansa at karanasan sa pormal na paggamit ng Filipino ay nagdudulot ng pag-aalinlangan sa

mga mag-aaral. Ang paglitaw ng hiya at pagkalito sa pagsasalin ng malalalim o teknikal na termino ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas maraming pagsasanay sa tamang paggamit ng wikang Filipino sa akademikong konteksto. Ipinanukala naman ni Castro (2023) na nagiging hamon din ang pag-usbong ng mga terminong teknikal sa makabagong larangan ng agham at teknolohiya dahil kulang pa ang katumbas na salita sa Filipino, na nagiging balakid sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral.

Makikita sa kabuuan na ang mga hamong ito ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mga programang tutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo, pagpapahusay ng akademikong pagsulat, at paglinang ng Filipino sa iba't ibang larangan. Sa pagbuo ng ganitong mga interbensyon, mas magiging handa ang mga mag-aaral na gamitin ang Filipino bilang epektibong midyum ng pagkatuto at pag-unawa sa iba't ibang konsepto. Sa huli, nagiging malinaw na habang kapaki-pakinabang ang Filipino bilang wika ng pagkatuto, nangangailangan pa rin ng sistematikong pagsasanay at suporta upang matugunan ang mga umiiral na hamon na kinahaharap ng mga mag-aaral.

## KONGKLUSYON

Batay sa pag-aaral, napatunayan na ang paggamit ng Wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo ay may malaking ambag sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Mas malinaw at mabilis nilang nauunawaan ang aralin dahil pamilyar at malapit sa kanilang karanasan ang wika. Dahil dito, nagiging mas aktibo sila sa talakayan at nagkakaroon ng kumpiyansa sa pagpapahayag ng sariling kaisipan. Gayunpaman, natukoy sa pag-aaral na may ilang hamon tulad ng limitadong bokabularyo, pagkalito sa malalalim na salita, at kakulangan ng mga kagamitang panturo. Sa kabila nito, nananatiling epektibong kasangkapan ang wikang Filipino sa paglinang ng pag-unawa, tiwala sa sarili, at pagmamahal sa sariling wika at kultura. Kinakailangan lamang ng mas pinatibay na suporta at mga programang pang-edukasyon upang lalo itong maging daluyan ng makabuluhang pagkatuto.

Inirerekomenda na higit pang paigtingin ang paggamit ng Wikang Filipino bilang daluyan ng pagkatuto upang mas mapaunlad ang pang-unawa, partisipasyon, at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa kanilang proseso ng pag-aaral. Dapat isagawa ang mga gawaing pampagkatuto tulad ng talakayan, pagbabasa, at pagsulat gamit ang Filipino upang mapalawak ang kanilang bokabularyo at kaalaman. Mainam din na dagdagan ang mga babasahing nasa wikang Filipino upang matulungan ang mga mag-aaral na mas maunawaan at maintindihan ang mga malalalim na mga salita.

## MGA SANGGUNIAN

Commission on Higher Education. (2013). 2013 CHED memorandum orders. https://ched.gov.ph/2013-ched-memorandum-orders/

Calimag, E. (2021). Aralin 2: Tungo sa mabisang komunikasyon – Uri ng komunikasyon [PowerPoint slides]. SlideShare. https://www.slideshare.net/slideshow/aralin-2-tungo-sa-mabisang-komunikasyon-uri-ng-komunikasyon/78309943

Campbell, S., Greenwood, M., Prior, S., Shearer, T., Walkem, K., Young, S., Bywaters, D., & Walker, K. (2020). Purposive sampling: Complex or simple? Research case examples. Journal of Research in Nursing, 25(8), 652–661. https://doi.org/10.1177/1744987120927206

Costa, J. (2024). Mixed methods in educational large-scale studies: Integrating qualitative perspectives into secondary data analysis. Education Sciences, 14(12), 1347. https://doi.org/10.3390/educsci14121347

Culla-ag, J. C., Molina, N., & mga kasama. (2025). Mga hamon sa epektibong paggamit ng Wikang Filipino sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Tapapan, Bauko, Mountain Province [Deskriptibong pag-aaral]. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 5(1), 178–196. https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i01.014

Delos Reyes, S. M. A., & Banzon, J. B. (2023). Mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng Wikang Filipino sa makrong kasanayan sa pagsasalita. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 4(12), 4053–4062. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.12.40

ELM Learning. (n.d.). Constructivist learning theory. ELM Learning. Retrieved May 21, 2025, from https://elmlearning.com/hub/learning-theories/constructivism/

Fajardo, R. N. O., Chato, M. N. E., Pabas, H. M. U., Langres, C. T., Sumania, F. N. A. R., Mendoza, R. K. M., & Gaddi, J. A. G. (2024). Antas ng hamon sa pag-aaral ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang. International Journal of Research, 11(7), 173–184. https://doi.org/10.5281/zenodo.13123536

Gabaisen, J. M. (2021). Malikhaing pagsulat [PDF file]. Scribd. https://www.scribd.com/document/554886290/MALIKHAING-PAGSULAT

Juancho, C. J. (2021). Makabagong pamamaraan sa pagtuturo ng Asignaturang Filipino: Pagtataya sa teknolohikal, pedagohikal, at kaalamang pangnilalaman. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, 9(1), 1–11. https://doi.org/10.5296/jpag.v9i1.18142

Maquiling, M. L. (2024). Mga estratehiyang pinakaginagamit sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon sa Pampamahalaang Pamantasan ng Kanlurang Mindanao. Asian Journal of Humanity, Arts and Literature, 11(1). https://doi.org/10.24203/ajhal.v11i1

Requioma, G. L. (2023, December). Kaugalian sa pagbasa at epekto nito sa antas ng kumpiyansa sa pagsasalita ng Wikang Filipino ng Baitang 10 [Unpublished undergraduate thesis]. University of Southeastern Philippines.

Saavedra, A. D., Apao, M. A. M., & Layam, H. M. V. (2025). Social media: Daan o balakid sa pagpapalawak ng bokabularyo. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 9(3), 119–122. https://doi.org/10.5281/zenodo.10001234

St. Anne College Lucena Inc. (2017). Ang teorya ni Villafor. Studocu. Retrieved May 21, 2025, from https://www.studocu.com/ph/document/st-anne-college-lucena-inc/batchelor-of-science-in-accountancy/ang-teorya-ni-villafor/88604527